

# Maligayang Pagdating sa KOGA

Opisina ng Lunsod ng Koga,  
Telepono 0280 ( 92 ) 3111 ( pangunahing numero )

(( Anunsyo mula sa opisina ng Lungsod ))

**©ANG MGA MAGAGAWAN Ng REHISTRO NG MAMAMAYANG  
DAYUHAN AT ANG MGA BAGAY NA NAKASULAT SA REHISTRO.  
(Juminhyo ga sakusei sareru gaikokujin/Juminhyo no Kisai Jikou)**

Ang mga dayuhan na magagawan ng rehistro ng mamayan (resident certificate) ay ang mga taong nasasakop ng sumusunod apat na dibisyon. (Hindi kasali ang mga turistang dayuhan o dayuhang may sandaling panahon lang ng pananatili)

Katulad din ng mga Hapon, ang mga sumusunod ay nakatala sa resident certificate; pangalan, pangalan ng pinuno ng pamilya at kaugnayan dito, kaarawan, kasarian, at tirahan. At bilang isang dayuhang mamamayan, nakasulat naman dito ang nasyonalidad – lugar, at araw na naging mamamayang dayuhan.

1. Ang may mga kalagitnaan hanggang mahabang panahong residente (mga taong nabigyan na ng resident card).  
Mga bagay na nakasulat: estado ng paninirahan o uri ng visa, panahon ng pananatili at araw ng pagtatapos ng visa, numero ng resident card, at ang magpapatunay na kalagitnaan hanggang mahabang (medium-long term) panahon ng residente.
2. Ang mga special permanent residents.  
Mga bagay na nakasulat: numero ng sertipiko ng special permanent resident, at  
ang magpapatunay na special permanent resident.
3. Ang mga refugee o ang mga may permiso na pansamantalang manatili.  
Mga bagay na nakasulat: panahon ng paglapag bilang refugee o ang nakasulat na panahon sa pansamantalang manatili, at ang magpapatunay na isang refugee o may permiso na pansamantalang manatili

4. Ang mga naging residente dahil sa kapanganakan o dahil sa pagkawala ng nasyonalidad. (Maari at may karapatang manirahan mula sa unang araw hanggang 60 araw na naging dayuhan).  
Mga bagay na nakasulat: Magpapatunay na naging residente dahil sa kapanganakan o dahil sa pagkawala ng nasyonalidad.

<Para sa mga taong magmumula sa labas ng bansa>

Para sa mga dayuhan o mga dayuhan na may kalagitnaan hanggang mahabang panahon na dayuhang naninirahan (medium-long term) at lumipat mula sa ibang bansa. Kailangang ipagbigay alam agad ang paglipat sa munisipyo, dalahin ang resident card sa loob ng 14 araw mula sa araw na bumalik

<Tungkol sa pagpalit ng lokal na tirahan>

Sa pagpalit ng tirahan, kailangang dalhin ang alin man sa resident card, special permanent resident certificate o alien card.

Sa paglipat ng tirahan, kinakailangan ipagbigay alam ito sa munisipyo. Kailangan din ayusin ang pag-alis sa tinitirahan. Kung may kasamang naninirahan na Hapon, kailangan din isama ito sap ag-aayos. Sa paglipat papasok sa bayan, kakailanganin ang dokumento ng pag-alis sa dating tinitirahan. Gayundin, kung sakaling lilipat ng tirahan palabas ng bansa, bilang isang panuntunan kahit na may re- entry na, ay kailangan pa rin ipagbigay alam ang paglipat tirahan.

<Makakakuha ng kopya ng Resident Certificate sa mga sumusunod na lugar>

[Sowa Office] Citizen section- shimin section TEL 0280-92-3111

[Koga Office] Koga office citizen window- .....TEL 0280-22-5111

[Sanwa Office] Sanwa office citizen window.....TEL 0280-76-1511

### ◎PAGREHISTRO NG STAMP ( inkan touroku )

(Sowa Office Seksyon ng mamamayan shimin ka Tel. 0280-92-3111)

Sa pagpapa-rehistro ng inyong stamp, pinapatunay na ito ay inyong personal na stamp.

Ang inyong stamp ay magsisilbing importanteng gamit upang

mapangalagaan o ma-proteksyonan ang inyong mga ari-arian. Ang sertipiko ng rehistradong stamp ay makukuha sa opisina ng mga sumusunod:

- ( Sowa Office ) seksyon para sa mga mamamayan Tel. 0280-92-3111  
( Koga Office ) window para sa mga mamamayan Tel. 0280-22-5111  
( Sanwa Public Office ) window para sa mamamayan Tel. 0280-76-1511

**◎PAMBANSANG SEGURO NG KALUSUGAN ( kokumin kenkou hoken )  
PARA SA MGA MATATANDA NA MAY EDAD NA 75 PATAAS  
(kouki-koureisha iryou hoken)**

( Koga Office National Health Insurance and Pension Section  
TEL 0280-22-5111 )

Ang sistemang ito ay mutwal na tulong kung saan ang mga sumang-ayon ay nagbabayad ng regular na seguro sa plano at gastusin ukol sa panggamot at binabayaran mula sa kalahatang pondo. Ito ay nakakatulong sa pag iwas halimbawa ng hindi pagpunta sa doktor dahil sa kawalan ng pera. Sa lahat ng mga dayuhang napahintulutang manirahan sa bansa ng may mahigit sa tatlong buwan ay kinakailangang magpatala sa sistema ng seguro para sa kalusugan. May dalawang uri ng seguro ; Ang seguro para sa Kalusugan ng mga Empleyado ( EHI ) at ang pambansang seguro ng kalusugan ( NHI ) / sa matatanda, seguro ng kalusugan para sa may edad na 75 pataas. Kung ikaw ay may edad mababa sa 75 na taon, kinakailangan mong sumali sa Pambansang Seguro ng Kalusugan ( NHI ). At kung kayo po ay nasa edad na 75 pataas, kinakailangan sumali sa “KOUKI “ kapag hindi po kayo sakop ng “ Employee Health Insurance” o Seguro sa inyong kompanya para sa Kalusugan ng mga Empleyado.

- Kung sakaling ikaw ay nakasali na sa Pambansang Seguro ng Kalusugan o “KOUKI” na pamamaraan: Maaari po kayong magtanong sa doktor sa pagbabayad ng parte ng gastos ng inyong pagme-medikal sa pag-papakita ng inyong card ng Seguro para sa Kalusugan ( Health Insurance Card ) sa tanggapan ng ospital..
- Upang makasali sa Pambansang Seguro ng Kalusugan : Mag-apply sa tanggapan ng “National Health Insurance and Pension Section “.

**©SISTEMA NG PAMBANSANG PENSIYON ( kokumin nenkin )**

( Koga Office National Health Insurance and Pension Section  
Tel. 0280-22-5111)

Lahat ng dayuhan na naninirahan sa bansang Hapon na may kard bilang isang dayuhan at nasa edad pagitan ng 20 at 60 pababa ay kinakailangang magpatala sa Sistema ng Pambansang Pensiyaon. Ang pangunahing layunin ng sistemang ito ay para tiyakin ang panatag na kabuhayan ng mga sumang ayon dito at naging baldado, o para sa mga naulila na umaasa sa kanila kapag sila ay namatay. Ang mga dayuhan na sumali sa sistema ay maaaring makatanggap ng lump sum (dattai ichi jikin) kapag sila ay lumisan na ng bansa.

Sa pag aayos ng papel, kinakailangan nilang matugunan ang mga ilang kondisyon upang makatanggap ng anumang benepisyo.

Para sa karagdagang impormasyon, magtanong sa kawani sa seksyon ng Pambansang pensiyaon.

※Kung ikaw ay isang empleyado o trabahador sa pabrika, ipalagay na magpatala sa Sistema ng Seguro para sa mga Empleyado, kaya di mo na kailangang sumali sa Sistema ng Pambansang Pensiyaon.

○Pag apply sa Sistema ng Seguro para sa mga Empleyado : magtanong sa inyong amo .

**©TUNGKOL SA KAPAKANAN SA MEDIKAL ( medical welfare-iryoo fukushiseido)**

(Koga Office National Health Insurance and Pension Section  
Tel. 0280-22-5111 )

Ang Pamublikong Tulong at Serbisyong Medikal ( Marufuku ) ay tumutulong sa pag-aalaga ng kalusugan at kapakanan ng magiging ina ,sanggol,,solong magulang at sa mga taong may malubhang kapansanan.Ang Prefectura at ang syudad ay susuporta upang tulungan ang bahagi ng pananalapi ng nabanggit na grupo tulad ng gastusin sa kanilang medikal para sa pagpapagamot na kanilang natatanggap sa pamamagitan ng medikal na mga ahensiya sa ilalim ng Health Insurance.Ngunit,lilimitahan sa kita.

<Mga karapat-dapat makatanggap >

- ① Ang mga buntis at mga inang may mga anak : matapos mapag-alaman ang pagbubuntis at maisyuhan na ng Parent/Child Health Record Book at pagsusuri sa maselang pagbubuntis, nagaalagang ina, at sakit na may sakit komplikasyon sa pagbubuntis sa pamamagitan ng mga medikal na mga ahensiya.
- ② Mga sanggol : mula 0 hanggang sa ipangatlong grado sa elementarya.
- ③ Mga solong magulang : Mga hindi kasal at mag-isang nagpapalaki ng (mga )anak ng may edad 18 pababa.
- ④ Mga may malubhang kapinsanan : Mga taong mayroong saklaw ng pagkabalda.

<Mga kailangan >

1. Mga rehistradong residente ng Koga
2. Nakarehistro sa National Health Insurance Sytem
3. Saklaw ng pamantayan ng kinikita

<Papaanong makatanggap ng suporta >

Mag apply sa National Health Insurance and Pension Section dala ang mga kakailanganing dokumento na makakatulong upang makonpirma na kayo ay karapat-dapat sa makakatanggap nito.

Karagdagan , makipag-ugnayan sa opisina ng Koga city National Health Insurance and Pension Section

※Kung mayroong antala sa proseso ng aplikasyon, maaaring hindi makatatanggap ng tulong sa gastos na pangmedikal.

**©SISTEMA SA PAGTULONG SA GASTOS NA PANGMEDIKAL ( iryu josei seido )**

( Koga office National Health Insurance and Pension Section  
TEL 0280-22-5111)

Sa pamamagitan ng ( Maru-ko ) “ Medical Payment Subsidization system”, ang Koga city ay sumusuporta sa bahagi ng pananalapi sa pang-medikal, upang mapabuti ang kapanganakan at kalusugan kapaligiran ng mga bata ,ang mga susunod na susuporta sa hinaharap

na henerasyon. at upang mai-promote ang pagsusumikap na paglabanan ang pagbaba ng pagsisilang at upang lubos na masuportahan ang mga pamilyang nagpapalaki ng mga anak.

< Mga karapat-dapat makatanggap >

1. Mula sa pagbubuntis o mula edad na 0 hanggang nasa pangatlong grado sa elementarya , na ang kita ng isang magulang ay lampas sa pamantayan ng Maru-fuku.

※Sa mga Buntis..para lang sa mga nagdadalantao,sa mga tuloy-tuloy ang pagbubuntis, sa sakit na nangangailangan ng medikal na gamutan para sa ligtas na panganganak, at para sa mga may pinsala.

2. Elementarya hanggang Haiskul …Simula sa ika-4 na grado sa elementarya hanggang ika-3 grado sa Junior High School.

<Mga kailangan >

1. Mga rehistradong residente ng Koga.
2. Naka rehistro sa National Health Insurance System

<Papaanong makatanggap ng suporta >

Mag apply sa National Health Insurance and Pension Section dala ang mga kakailanganing dokumento na makakatulong upang makonpirma na kayo ay karapat-dapat sa makakatanggap nito.

Karagdagan , makipag-ugnay sa opisina ng Koga city National Health Insurance and Pension Section

※Kung mayroong antala sa proseso ng aplikasyon, maaaring hindi makatatanggap ng tulong sa gastos na pangmedikal.

**©TUNGKOL SA IDENTIFICATION BOOKLET NG MAY KAPANSANAN  
(shougaisha techou)**

(Health Station SEKSIYON NG SERBISYO AT TULONG PARA SA MAY  
KAPANSANAN shogai fukushi ka  
TEL 0280-92-4919)

<Identification Booklet ng may kapansanan> Shogai Techou

Ang sertipikong ito ay ibinibigay kung o sa taong may pisikal na kapansanan sa paningin, pandinig, pisikal, puso, at paghinga, atbp.

Sa pamamagitan ng sertipikasyon ay maaring makatanggap ng ibat-ibang serbisyo at suporta depende sa kapansanan.

< Mental Rehabilitation Certification Passbook >

Ang sertipikasyong ito ay ibinibigay sa sentro ng child consultation (para sa mga batang may edad 18 pababa) o sa Ibaraki Prefecture Welfare Consultation Center sa mga taong may pagkakaroon ng mental disability sa pamamagitan ng medikal at sikolohikal na assessment.

< Mental Disability Certification Passbook >

Ang sertipikong ito ay ibinibigay sa mga taong limitado sa pag-araw-araw o sa komunidad na pamumuhay dahil sa may pagkakaroon ng mental disability na mag-aapply. Ang sertipikong ito ay nagbibigay ng patunay ng kapansanan ng kaisipan. ( mental disability ). Mayroon ibat-ibang serbisyo sa suporta.

<Kung saan ang pagtanggap ng mga aplikasyon>

[ Istasyon sa kalusugan ]	Welfare Department	TEL 0280-92-4919
[ Souwa Office ]	Serbisyo para sa pampubliko	TEL 0280-92-3111
[ Koga Office ]	Serbisyo para sa pampubliko	TEL 0280-22-5111
[ Sanwa Office ]	Serbisyo para sa pambubliko	TEL 0280-76-1511

**◎CHILD ALLOWANCE – ALLOWANCE NA INAASAHAN SA  
PAG-AALAGA NG BATA -PANGANGANAK AT PAG-AALAGA NG  
BATA(kodomo-teate-jidoufuyou-shuzan kosodate shoreikin)**

(Sowa Office Child Rearing Aid- Kosodate Ouen ka  
TEL 0280-92-1264)

< Child Allowance >

Mga magulang o mga tagapag-alaga na may (mga)anak hanggang sa edad na 15 taon ng Marso 31 (hanggang sa pagkumpleto ng junior high school) ay karapat-dapat sa allowance na ito.

< Allowance na inaasahan sa pag-aalaga ng bata >

Ang mga solong mga ina at ama na may mga anak o mga taong nag-aalaga at nagmamalasakit sa mga bata kaysa sa kanilang sariling mga ina o magulang na nag diborsiyo ay karapat-dapat sa allowance na ito.

<Panganganak at pag-aalaga ng bata>

Mabibigyan ng 300,000yen ang mga inang nanganak at nag-aalaga simula sa ika-tatlong anak pataas. Ang pagbibigay ay hahatiin sa tatlong taon, 100,000yen kada tao. (May mga kondisyon)

### ◎ALAGAAN NG MGA BATA ( hoikusho/hoikuen) PAGAPAPATALA

(Sowa Office Children Policy Section-kodomo seisaku  
TEL 0280-92-3111)

Ang Nurseries ay isang child welfare facilities na ang layunin ay ang pangalagaan ang mga bata na nangangailangan nito. Sa pangyayaring ang mga tagapag-alaga ay hindi maaalagaan ang mga bata sa bahay sa kadahilangang may trabaho o sakit., at sa halip ang tulad ng isang nursery ang naglalaang mag-alaga ng mga ito.

<Kung saan ang pagtanggap ng mga aplikasyon>

[ Istasyon sa kalusugan ]	Child Welfare Depaartment	TEL 0280-92-1264
[ Souwa Office ]	Serbisyo para sa pampubliko	TEL 0280-92-3111
[ Koga Office ]	Serbisyo para sa pampubliko	TEL 0280-22-5111
[ Sanwa Office ]	Serbisyo para sa pambubliko	TEL 0280-76-1511

### ◎PAGPAPATALA SA KINDERGARDEN ( YOUCHIEN )

(Sowa Office Children Policy Section-kodomo seisaku  
TEL 0280-92-3111)

Ang lahat ng nagpapatakbo ng kindergarten dito sa Koga ay pribado. Maaaring dumeretso na lamang sa mga kindergarten na ito para sa detalye ng pagpapatala.

### ◎PAGPAPATALA AT PAGLIPAT SA ELEMENTARYA – HAISKUL

( Koga Office SCHOOL EDUCATION SYSTEM gakkou kyouiku-ka  
TEL 0280-22-5111)

Binubuo ng anim na taon sa elementarya at tatlong taon sa junior high school ang sistema ng edukasyon sa bansang hapon. Lahat ng paaralan ay



nagsisimula sa buwan ng Abril at nagtatapos sa Marso ng sumunod na taon. Sa pagpla-planong ipadala ang inyong anak sa edad na 6 hanggang 15 sa isang pampublikong paaralan, kinakailangang magsadya sa Seksiyon ng Education System ng Koga at magtanong kung aling mga paaralan nararapat ipasok ang inyong anak.

Makakatanggap kayo ng “ notice ukol sa pagpasok sa paaralan at kinakailangan ninyong ibigay ito sa itinalagang paaralan sa inyo. Kung sakali man na kayo po ay lumipat sa lunsod ng Koga mula sa ibang lugar ng bansang Hapon, kakailanganin po ang school identification ( zaigaku shoumeisho ) at ng Textbook Supply Certificate ( kyoukasho shikyuu shoumeishou ).

Sa pagpalit ng tirahan , kinakailangan kompletuhin ang aplikasyon para sa pagbabago.

**©CLUB NG MGA BATA ( jidou kurabu )**

(Sowa Office Children Policy Section-kodomo seisaku  
TEL 0280-92-3111)

Matapos ang eskuwela, ang club na ito ay isang pasilidad para sa mga bata upang lumingap sa mga simula 1-grado hanggang 3-grado sa elementarya, habang ang kanilang magulang o taga-alaga ay nagtratabaho, atbp.

Mayroon ito sa lahat ng eskuwelahan.

< Oras ng bukas > Simpleng araw Hapon ala 1:00~7:00  
Sabado. Mahabang bakasyon Umaga ng alas 7:30~7:00

< Tanggapan ng aplikasyon >

( Istasyon ng kalusugan ) Welfare division for children  
TEL 0280-92-1264

( Souwa Office ) Seksyon pampubliko  
TEL 0280-92-3111

( Koga Office ) Window para sa mamamayan  
TEL 0280-22-5111

( Sanwa office ) Window para sa mamamayan  
TEL 0280-76-1511

◎**TUNGKOL SA SAMAHAN NG MGA BATA (kodomokai)**

( Koga Office Shougai gakushu-ka 0280-22-5111 )

Ang pagsali sa samahan na ito ng mga mag-aaral sa elementarya at maging sa Junior high school ay gumagalaw. Sa inyong lugar, upang matulungan ang inyong mga anak sa pakikipa-kaibigan ang ( kodomokai ) ay kumikilos. Ang nilalaman ng aktibidades na ito tulad ng pag-sali sa pag-lilibang at mga kasayahan, tamasahin ang kainaman ng mga aktibidades na ito. . Tungkol sa ( kodomokai ), makipag-uganayan sa shougai gakushu-ka.

◎**LIBRERYA (toshokan )**

( Koga Office SEKSYON NG PAG-AARAL NG PAMUMUHAY shogai  
gakushu-ka TEL 0280-92-3111)

Mga libro at CD's ay puwedeng hiram ( kailangang magpa-rehistro )

[Librerya sa Koga] TEL 0280-32-5299

[Librerya sa Sanwa] TEL 0280-75-1511

< Oras na bukas >

Alas 10:00ng umaga~7:00 ng gabi (Sa araw ng Sabado.Linggo at piyesta opisyal bukas lamang ito mula alas 10:00 ng umaga ~6:00 ng gabi)

< Saradong araw >

Tuwing katapusan ng buwan,Unang araw ng taon, Sa mga araw na may mga pag-aayos sa pasilidad, at araw na may pansamantalang pagsasara

[Bulwagan ng komunidad ]

Central community center TEL 0280-92-4501

Tsutsumi Kan TEL 0280-98-5530

Nakada community center TEL 0280-48-1852

U-center - Souwa TEL 0280-31-3211

Tone Midori-Kan ( Shougai gakushu center-Souwa) TEL 0280-92-4000

( Oras na bukas ) 9:00ng umaga ~ 5:00 ng hapon

(Araw na sarado) Tuwing katapusan ng buwan,Unang araw ng taon, Sa mga araw na may mga pag-aayos sa pasilidad at araw na may pansamantalang pagsasara.

◎GABAY PARA SA MGA PASILIDAD PANG-ISPORT ( taiiku shisetsu )

(Sowa Taikukan Sports Promotion Section-sports shinkou-ka  
TEL 0280-92-0555)

Gymnasium ng Koga	TEL 0280-31-0341
Syudad ng Koga Central Athletic Park	TEL 0280-92-5555
Syudad ng Koga Central Athletic Park ( may pool )	TEL 0280-92-9000
Sanwa Health Fureai Sports Center (may pool)	TEL 0280-76-7000
Koga Sports Interaction Center (may pool)	TEL 0280-22-3500

◎MGA SERBISYO NA TUMUTULONG SA PAMUMUHAY (seikatsu shien)

(SENTRO NG KONSULTASYON PARA SA MAMAMAYAN  
shimin Soudan center Direct line : TEL 0280-92-1166)

Mangyaring huwag mag-atubiling gamitin ang iba't ibang uri ng konsultasyon kung nangangailangan ng konsultasyon sa batas, karapatan pang-tao ( human rights), buwis, konsultasyon para sa mga babae, konsultasyon para sa mga alalahanin, konsultasyon ng pensiyon, konsultasyon sa pamumuhay, at/o kaya'y ang konsultasyon ng pang-araw-araw na buhay.

Ang mayroon ding konsultasyon para sa pangkalusugan  
( health management )

[ Health Promotion Section ] Koga Fukushi no Mori Hall TEL 0280-48-6883  
[ General welfare Consultation Section ] Health Station TEL  
0280-92-5771

Kung nais magtanong, shimin Soudan center-dedikado TEL 0280-92-1166

NILALAMAN NG KONSULTASYON	RESERBASYON . MAKIPAG-UGNAY SA
Konsultasyon sa batas	Souwa Office ( main )/ Sentro ng konsultasyon para sa mamamayan TEL 0280-92-3111 ( kinatawan )
Administrative counselling	Souwa Office ( main )/ Sentro ng konsultasyon para sa mamamayan

	TEL 0280-92-3111 ( kinatawan )
Konsultasyon sa buwis	Souwa Office ( main ) /Sentro ng konsultasyon para sa mamamayan TEL 0280-92-3111 ( kinatawan ) Para sa reserbasyon, direktang makipagugnayan sa Kanto Shinetsu zeirishikai sangay ng Koga (Kunpirmahin ang numero sa impormasyong pampubliko o kaya naman ay sa website)
Karapatang pang-tao ( Human rights )	Souwa Office ( main )/ Sentro ng konsultasyon para sa mamamayan TEL 0280-92-3111 ( kinatawan )
Konsultasyon para sa mga babae	Welfare General Affairs Section ( Souwa Welfare Center [ Health Station] loob) TEL 0280-92-5771
Konsultasyon ng may kapansanan	Obstacle Welfare Section ( Souwa fukushi )-[(Health station) loob] TEL 0280-92-4919
Konsultasyon sa panggugol sa buhay( Shouhi seikatsu Soudan)	Koga shi shouhi seikatsu senta TEL 0280-92-8811

Konsultasyon ng pension business trip	Shimodate pension office TEL 0296-25-0834
Konsultasyon ng kasal Konsultasyon para sa mga alalahanin	Koga shi shakai fukushi kyoudgi-kai TEL 0280-48-0808
Konsultasyon sa health care	Welfare general Affairs ( Health Station ) TEL 0280-92-5771 Kenko suishin-ka ( Koga fukushi no mori kai-kan TEL 0280-48-6883

( Koga Welfare Mori Hall HEALTH PROMOTION SECTION-kenkou  
tsukuri TEL 0280-48-6881 . 6882 )

<Sa mga sumusunod na sitwasyon , mangyaring lumapit sa Health  
Promotion Section >

- Nagdadalantao at makakatanggap ng aklat para sa kalusugan ng ina at anak ( boshi techo )
  - Nais mong malaman kung papaano patitignan ang sakit ng sanggol o paglaki, ng inyong anak at tanong tungkol sa nutrisyon.
  - Nais mong magtanong tungkol sa bakuna at pagpapatingin sa doktor ng inyong anak.
1. Kapag buntis : Kung buntis mangyaring magpasa ng abiso ng pagka buntis at ang sinabi ng doktor tungkol sa takdang petsa ng inyong kapanganakan. ( para sa aplikasyon, kinakailangang parehong dalhin ang Alien Registration Card at Kard ng inyong seguro sa pangkalusugan )
    - ※Makukuha ang Mother and Child health handbook (boshi kenko techo) sa Fukushi Mori Hall ( Health promotion Section) Koga Office (National Health Insurance and Pension Section) Sowa Office (National Health Insurance and Pension Window) Sanwa Office (National Health Insurance and Pension Desk).
  2. Bakuna : Ang bakuna ay isang sukatan sa pangontra laban sa seryosong sakit na dulot ng viruses at mikrobyo.  
[Bata]  
Ito ay ang routine vaccination na libre para sa mga batang nasasakop sa edad na itinalaga; hibu (hib), shoniyo haien kyukin (pediatric pneumococcal vaccine), diphtheria-tetanus- whooping cough-polyo (immunization of four mixed vaccines or immunization of three mixed vaccines- polio), BCG, magkahalong measles-German measles, chicken pox o bulutong, Japanese Encephalitis Vaccination, Diphtheria-tetanus (two mixed vaccines) hikyu keigan (cervix cancer).  
Ang Otafuku kaze (mumps), bulutong, hepatitis B, rotavirus, influenza ay sakop sa boluntaryong pagpapa-bakuna, na ang ibig sabihin ay kailangang sariling sagutin ang mga gastusin.
  3. Pagpapasuri sa doktor ng mga bata: Tinitignan ang kalusugan ng bata at ang paglaki nito upang makunan ng record at makapagbigay ng

- tamang impormasyon na makakatulong para sa pagpapalaki ng bata.
- Health check up ng isang buwan pa lamang na sanggol – isinasagawa sa ospital kung saan ang sanggol ay ipinanganak.
  - Medikal na pagsusuri ng sanggol na may 3-4 buwan pa lamang – isinasagawa sa bawat distrito, Fukushi no Mori Hall, Health Station, Sanwa area welfare center. Ang gabay ay maagang ipinapadala sa pamilya ng bata sa pamamagitan ng koreo/mail.
  - Medikal na pagsusuri ng sanggol na may 9-11 buwan – isinasagawa sa medikal ng mga ahensiya gamit ang form ng Infant General Health Examination.
  - Medikal na pagsusuri para sa mga batang may edad na 18 buwan - 3 taong anyos, isinasagawa sa bawat distrito, Fukushi no Mori Hall, Health Station, Sanwa area welfare center. Ang gabay ay maagang ipinapadala sa pamilya ng bata sa pamamagitan ng koreo/mail.
4. Konsultasyon sa pangangalaga ng bata... mangyaring humingi ng konsultasyon kung meron pangangamba sa emosyonal o pagiging pisikal ng bata.
- Para sa konsultasyon sa telepono tumawag sa Fukushi no Mori Hall (kenko tsukuri section TEL 0280-48-6881)
  - Konsultasyon para sa kalusugan ng mga sanggol --Fukushi no Mori Hall, Health Station (isang beses sa isang buwan) Sanwa area welfare center (isang beses sa loob ng dalawang buwan).

#### ◎**PARA SA CHECK UP NG KALUSUGAN ( kenkou shindan )**

(Fukushi no Mori Hall HEALTH PROMOTION SECTION  
kenkou tsukuri-ka TEL 0280-48-6883 )

- Pagsusuri sa kalusugan, ninanais magpasuri ng cancer
  - Kung ninanais magtanong tungkol sa pagsusuri sa kalusugan ng matanda
  - Kapag ninanais mag-sangguni kung nag-aalala sa sariling kalusugan o ng pamilya.
- Huwag pong mag atubiling magtanong, makipag-ugnayan sa kenkou tsukuri-ka.

#### ◎ **SISTEMA NG LONG-TERM CARE INSURANCE(kaigo hoken)**

( Health Station SEKSYON PARA SA SISTEMA NG LONG-TERM  
CARE INSURANCE kaigo hoken-ka TEL 0280-92-4921

- Sa isang Long-Term Care Insurance System , bawat isa ay nakikipagtulungan at sumusuporta sa sistema upang ang lahat ay mamuhay ng matiwasay sa panahon ng kanilang pagtanda. Ibat-ibang serbisyo ang ibinibigay upang maglikha ng kumportableng buhay hanggat maaari sa mga taong nangangailangan ng nursing care. Ang sistema na ito ay naisip upang ang lipunan bilang kabuuan ay maaring magbigay suporta sa mga taong nangangailangan ng nursing care. Kung ikaw ay 40 na taong gulang o mas matanda at may katayuang manirahan ng isang taon o mahigit pa, o may permanenteng katayuan ng paninirahan o special permanent at nakumpleto ang pagrehistro ng non-japanese, kinakailangang magpatala sa Long-Term Care Insurance upang maging isang benipisaryo.
- May dalawang kategorya ang may-hawak ng seguro,.Ang tao na nasa 65 o mas matanda pa ay nasa unang kategorya ng seguro at sila ay makatatanggap ng long-term care na serbisyo sa panahon na kinakailangan nila ang pangangalaga ( nursing ) sa lahat ng oras o nangangailangan ng tulong para sa kanilang pang araw-araw na pamumuhay. Samantala, ang tao na may edad 40 ~ 64 ay ang nasa pangalawang kategorya, , sila ay makakatanggap ng benipisyo lamang kung ang kanilang mga pangangailangan ng long-term care ay resulta ng kanilang tukoy na sakit .
- Bago makatanggap ng serbisyo ng long-term care, kinakailangan po munang ma-recognize na ang inyong kondisyon ay nangangailangan ng long-term care.
- Para sa karagdagang impormasyon, - mangyaring alamin sa window ng konsultasyon.

## **MATATANDA**

(Health Station korei fukushi-ka TEL 0280-92-5838)

Ang Home Welfare Care Service sa matatanda , ay tnaagbibigay serbisyo para sa mas malusog at malayang pamumuhay ng mga may edad na 65 pataas na nakarehistro at mag-isang naninirahan o magkasamang mga may edad na 65 na naninirahan sa syudad ng Koga . Mangyaring kumunsulta sa Home Welfare Care Service para sa mga matatanda para sa iba pang mga detalye.

## **◎BASURA ( GOMI )**

(Sanwa Office SEKSYON PARA SA KAPALIGIRAN NG PAMUMUHAY  
kankyo-ka TEL 0280-76-1511 )

○Mangyaring sundin ang wastong paraan ng pagtatapon ng basura. Kung ikaw ay nagtapon ng basura sa mga araw maliban sa hinirang na araw, ito ay magdudulot ng mga problema sa kapitbahayan. Mangyaring ilagay ang basura ang inyong basura sa itinukoy na oras, araw at lugar ayon sa pagtatapon ng basura at recycle rulebook.

<Ang mga sumusunod ay ang mga mapagtatanungan tungkol sa wastong pagtapon ng basura>

[ Distrito ng Koga] Koga Clean Center

TEL 0280-22-6353

[ Distrito ng Sowa/Sanwa] Seksyon para sa kapaligiran

TEL 0280-76-1511

## **◎BUWIS ( ZEIKIN )**

(Koga Office SEKSYON NG BUWIS NG RESIDENTE  
Shiminzei ka TEL 0280-22-5111

Kailangan ang buwis sa pag-ikot ng proseso ng pamahalaan tulad ng mg serbisyo pang-publiko, edukasyon, pang emerhensiya, at pagtatapon ng basura.

Sa mga dayuhang mamamayan tumutugon sa ilang mga kondisyon ay kinakailangan din magbayad ng buwis. Mangyaring magbayad ng mga



buwis sa itinalagang petsa.

Ang sumusunod ay mga paliwanag tungkol sa individual resident tax (juumin zei), light vehicle tax (jidousha zei), at fixed property tax.

< Individual Resident tax >

★ **ANG MAGABABAYAD NG BUWIS**

- Ang taong nakatira sa lungsod ng Koga ng ika 1 ng Enero ng nasabing taon ay kailangang mag-file ng deklarasyon ng kita (kasama tax refund).
- Tuwing taon ng Enero 1 ~ Disyembre ang may regular na sahod ay nagbabayad ng buwis.
  - ※ Kung hindi ka pa nagde-deklara nito, hindi maaaring magbigay ng sertipiko ng buwis. Kinakailangan ang katibayang nagbabayad ka ng buwis sa paga-apply ng visa tulad ng working visa, permanent visa, status of residence, kinakailangan mag deklara.

★ **PARAAN NG PAGBABAYAD**

- Espesyal na pagkolekta
  - \*Para sa mga empleyado ng kompanya, ang buwis para sa taon ay inaawas mula sa sahod ng empleyado bawat buwan.
- Regular na koleksyon
  - \*Para sa mga taong sarili ang trabaho, ang buwis para sa taon ay kinokolekta ng minsan sa tatlong buwan/quarterly. Ang pabatid ng pagbabayad ng buwis para sa taon ay ipinadadala ng Hunyo. At ang deadline ng mga pagbabayad ay tuwing katapusan ng Hunyo, Agosto, at Enero.
  - ※Mangyaring siguraduhing mabayaran ang anumang natitirang mga pagbabayad ng buwis bago umalis sa syudad ng Koga o di kaya'y bago umalis ng bansa.

★ **Ang Individual Inhabitant Tax Rate**

- Income ratio amount --Municipal tax -6% Prefectural tax – 4%  
(bawat isa ay hiwalay na kinakalkula at pagkatapos ang kabuuang

halaga ).

◎Per capita amount---Municipal tax 3,500 yen

Prefectural tax 2,500 yen (pantay-pantay)

Ang Individual Inhabitant Tax ay kinakalkula sa pamamagitan ng pagdaragdag ng income ratio amount sa per capita amount.

< Buwis para sa mga maliliit na sasakyan/ light vehicle > ( keijidousha)

Mga taong nagma-may ari ng light vehicle, motorsiklo, atbp., ay kinakailangang magbayad ng light vehicle tax ng ika-1 ng Abril bawat taon.

★ Takdang Araw ng Pagbabayad

Ipapadala ng munisipyo ang papel ng abiso para sa pagbabayad ng buwis sa umpisa ng Mayo kada taon. Bayaran lamang ito sa banko, post office, at iba pa bago matapos ang buwan.

★ Para sa mga lumampas sa taning ng pagbabayad , singil sa nahuli ay ( 14.6% taun-taon ) ay idadagdag sa bawat buwis

★ Ang paglilipat ng pag-aari ng light vehicle sa ibang tao, siguraduhin po lamang na mag-file ng notipikasyon ng paglilipat ng pag-aari ( change of ownership) o pag kansela ng sasakyan. At , siguraduhin ding mag-file ng notipikasyon ng pagkakansela ng sasakyan kung aalis sa syudad ng Koga. ( o di kaya'y aalis ng bansa ).

< Ang Sertipikasyon ng buwis ng residente/Inhabitant)

★ Kategoriya ng sertipikasyon

● Tax certificate ( kasama ang sahod ng nakaraang taon at ang taunang halaga ng buwis bilang mamamayan/prefecture tax )

● Tax exemption certificate ( sahod ng nakaraang taon at ang sertipiko ng citizen/prefecture tax ay hindi sinisingil )

● Income certificate (ang nakalista ay ang nakaraang taong kita lamang)

● Tax statement ( taunang halaga ng buwis , halaga ng binayad , at ang halaga ng hindi nabayaran ang nakalista)

★ Bayad sa sertipikasyon

300yen kada sertipikasyon (ang tax payment certificate ay nagkakahalaga ng 300yen sa kada item ng tax. )

< Konsultasyon ukol sa buwis >

[Koga Office] Seksyon ng buwis ng residente

TEL 0280-22-5111

<Lugar kung saan ibinibigay ang sertipikasyon>

[ Koga Office] Tax Section

TEL 0280-22-5111

[ Sowa Office ] Seksyon ng serbisyong mamamayan

TEL 0280-92-3111

[ Sanwa Office ] Window ng serbisyong mamamayan

TEL 0280-76-1511

### ◎PAGGAMIT AT PAGTIGIL NG TAKBUHAN NG TUBIG ( jougesuidou )

( Sanwa Office PARA SA SERBISYONG TUBIG suidou ka  
TEL 0280-76-1511 )

Upang makapag-apply para sa simula o pagsasara ng tubig at ng sewage , kinakailangang personal na magpakita , o sa pamamagitan ng proxy at mag-apply sa window ng Water Rate Center ( suidou – ryoukinokyakusama center ). Mangyari po lamang na magbayad sa Water Rate Center , opisina ng Koga at Souwa ,mga banko sa syudad, at mga convenience store.

[ Koga Office ] Water Rate Center

TEL 0280-21-1065

### ◎MGA PARAAN UPANG IWASAN ANG SAKUNA ( bousai taisaku )

( Sowa Office Seksyon ng Pamamahala ng Krisis para sa pag-iwas sa  
kalamidad- kikikanri bousai ka TEL 0280-92-3111 )

“ Kapag lumindol...”

< Sa bahay >

Kapag lumindol, maging kalmado at huwag magmadaling lumabas, pawiin ang apoy at magsagawa ng pagsagip sa iyong kapitbahayan.Ang paglikas ay ang maaaring huling hakbang na gagawin.Lumikas kung nasa panganib ng lumalaganap na sunog.

< Sentro o lugar ng paglilikasan >

Ang pampublikong pasilidad tulad ng mga eskuwelahan ng elementarya, junior high, at high school ay itinalaga ng syudad para maging lugar ng lilikasan.At saka, ilan sa mga lokasyon ng paglisan ay itinalaga ng bawat distrito ng administrasyon. At gayundin, para sa mga biktima ng kalamidad nangangailangan ng pang-matagalang tulong, tulad ng pagkawala ng mga tirahan, mga lokal na eskuwelahan. Atbp.,ay mga bukas para sa evacuation center, tirahan at pagkain, atbp. Ay inilalaan.

- Kung lilikas, mangyaring lakarin lamang ito.
- Mangyaring dalhin lamang ang mga pangunahing bagay, at maaari mong dalhin
- Ipre-para ang inyong pang-emerhensiyang bag upang sa ganoon makaalis ng mabilis.

◎ **KAPAG MAY EMERHENSIYA (saigai kinkyuu renraku)**

( Souwa Office SEKSYON NG PAG-IWAS NG SUNOG AT SAKUNA /  
SEKSYON NG TRANSPORTASYON AT PAG-IWAS NG KRIMINAL  
kikikanri bousai ka / koutsuu bouhanka TEL 0280-92-3111 )

- Bumbero ( Fire truck / shoubousha ) :  
Tumawag sa 119
- Ambulansya : Kapag may emerhensiyang kalagayan sakit o aksidente.  
Tumawag sa 119
- Krimen : Sa kaso ng krimen, tumawag sa pulis.  
110
- Kapag may nangyaring aksidente : Sa kaso ng aksidente : tumawag  
sa pulis 110

< sa kaso ng walang nasugatan >

Upang maiwasan ang magsanhi ng kasunod na aksidente , ilipat ang sasakyan sa ligtas na lokasyon. Tawagan ang pulis at sundin ang mga direksyon na ibinigay.

< sa kaso na may nasugatan >

Bagaman na mahusay na hindi pakilusin ang nasugatang tao, ngunit kung mapanganib ang posisyon nito, mabilis na ilipat ang nasugatan sa ligtas na lokasyon. Kaagad tumawag sa 110 ( Pulis ) at 119 ( Sunog ).

◎ **OSPITAL SA MGA ORAS NG EMERHENSIYA ( Kinkyuu no toki no byouin )**

( Fukushi-no-Mori Hall SEKSYON PARA SA PROMOSYON NG  
KALUSUGAN kenkou tsukuri ka TEL 0280-48-6881 )

[ Impormasyon para sa institusyon pangmedikal ]

Souwa Central Hospital  
Koga Hospital

TEL 0280-92-7055  
TEL 0280-47-1010

Koga Red Cross Hospital	TEL 0280-23-7111
Yuai Memorial Hospital	TEL 0280-97-3000
Ibaraki Seinan Medical Center	TEL 0280-87-8111

\*Para sa iba pang impormasyon ukol sa medikal na institusyon ,  
mangyaring kumunsulta para sa Guide Map ng Koga.

**◎TULONG SA PAMUMUHAY ( seikatsu hogo )**

( Health Station SEKSYON NG SERBISYO seikatsu hogo ka  
TEL 0280-92-4960 )

Para sa mga taong di makapagtrabaho dahil sa sakit o sugat, nawalan ng kikitain dahil sa pagkamatay o paghiwalay , hindi nakakakuha ng sapat na kita dahil sa pagtanda , o kahit gaano magsikap ay di maayos ang pamumuhay ay maaaring mabigyan ng suporta o tulong sa pamumuhay.

**◎KONSULTASYON PARA SA PANANAKIT NG ASAWA ( haiguusha bouryoku soudan )**

( Koga City Haigusha Boryoku Soudan Shien Center TEL 0280-92-7209 )

Haigusha Boryoku Soudan Shien Center ay maaaring malapitan upang maikonsulta ang tungkol sa pananakit ng asawa o sa loob ng pamilya.

**◎KLASE SA WIKANG HAPON (nihonggo kyoushitsu)**

( Souwa Office SEKSYON PARA SA POLICY PLANNING  
kikaku ka TEL 0280-92-3111)

Mayroong ginaganap na “ Japanese Language Class” para sa mga dayuhan. Ang mga butihing boluntaryong nagtuturo, mga guro ng wikang hapon sa paraang isa sa isa ( 1 on 1 ). Mayroon ding mga ibat-ibang kaganapan para masanay sa kulturang hapon.

Para sa detalye , maaari makipag-ugnayan sa Koga City International Exchange Association Bureau ( Koga City Office Policy Planning Section )  
TEL 0280-92-3111

[ Koga Class ]afternoon class

Koga Regional Exchange Center      Tuwing Miyerkules    2:00~3:30pm

TEL 0280-21-1255

[ Koga Class ] evening class

Koga Regional Exchange Center Tuwing Biyernes 7:00~8:30pm

TEL 0280-32-2197

[ Souwa Class ]

Central Community Center Tuwing Sabado 7:00~9:00pm

TEL 0280-92-4501

[ Sanwa Japanese Volunteer Class ]

Sanwa Community Center( Sanwa Office 3F) Tuwing 1st,3rd at 4th ng

Biyernes 7:00~8:30pm

TEL 0280-76-1517

< Halaga ng babayaran >

Libre ( May bayad ang mga kagamitan tulad ng libro )

< Aplikasyon >

Maaaring dumiretso sa mga silid aralan ng bawat klase sa oras na nakatala sa itaas.

◎SENTRO NG KONSULTASYON PARA SA MGA DAYUHAN ( gaikokujin soudan center )

Ibaraki International Association

TEL 029-244-3811

Tuwing Lunes ~ Biyernes Oras : 8:30~5:00

LUNES	MARTES	MIYERKULES	HUWEBES	BIYERNES
Ingles • Hapon				
Portuges 8:30~12:00	Kastila Korean	Thai Intsik	Tagalog Portuges	Thai 8:30~17:00
Intsik 13:30-17:00				Indonesiyo 13:30-17:00